



Mula sa Koleksyon ng Risale-i Nur

*Mensahe Para Sa
Mga Maysakit*



BEDIUZZAMAN SAID NURSI

***MENSAHE PARA SA MGA
MAYSAKIT***

Bediuzzaman Said Nursi

*This book is the Tagalog version of 'Hastalar Risalesi' from the Risale-i Nur Collection which has been translated and printed in the Philippines through the permission of **Hizmet Vakfi (Envan Nesriyat)***

Title: Mensahe Para Sa Mga Maysakit

(Mula sa Koleksyon ng Risale-i Nur)

Language: Tagalog

Author: Bediuzzaman Said Nursi

Translator: Jane Marie Dimacisil-Samur

Published by: Risale Press
Door 20, 3rd Floor, Goking Bldg., Corrales Corner J.R. Borja St. Cagayan De Oro City, 9000

©2017 Risale Press

Ang Ikadalawampu't Limang Kislap *MENSAHE PARA SA MGA MAYSAKIT*

[Ang kasulatang ito ay binubuo ng dalawampu't limang lunas. Isinulat ito bilang isang panghaplos, isang kaginhawaan, at isang espirituwal na reseta para sa maysakit, at upang sila ay dalawin at ipagdasal ang kanilang paggaling.]

Babala at Paumanhin

Ang espirituwal na reseta na ito ay isinulat nang may kabilisang nakahihigit sa lahat ng aking ibang kasulatan¹, at dahil hindi nakahanap ng oras para ito ay itama at aralin, kakaiba sa lahat ito ay binasa lamang ng isang beses at sa bilis na sintulad ng pagkakasulat nito. Ibig sabihin, ito ay nanatili sa halo-halong ayos ng unang pagkakasulat nito. Hindi namin naisip na kailangang maingat na balikan ang mga bagay na natural na sumagi sa puso, upang hindi masira ng pagsasaayos at ng pagbibigay sa kanila ng di-kinakailangang pansin. Ang mga mambabasa at lalo na ang maysakit ay hindi dapat mainip at masaktan sa anumang di kalugod-lugod na pananalita o masasakit na salita; ako'y ipagdasal din nila.

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

Sa Ngalan ng Allah, Ang Pinakamaawain, Ang Pinakamahabagin.

الَّذِينَ إِذَا أَصَابَتْهُمْ مُصِيبَةٌ قَالُوا إِنَّا لِلَّهِ وَإِنَّا إِلَيْهِ رَاجِعُونَ

Sila na nagsasabi kung sila ay nakakaranas ng kapinsalaan: “Kami ay nagmula kay Allah at sa Kanya ang aming pagbabalik.”²

وَالَّذِي هُوَ يُطْعِمُنِي وَيَسْقِينِ * وَإِذَا مَرَضْتُ فَهُوَ يَشْفِينِ

At Siya ang nagpapakain at nagbibigay sa akin ng inumin. At kung ako ay may sakit, Siya ang nagbibigay lunas sa akin.³

Maikling ilalarawan namin ang dalawampu't limang Lunas na maaaring magbigay ng tunay na pampagaan ng kalooban at kapaki-pakinabang na

gamot sa maysakit at sa mga tinamaan ng sakuna, na bumubuo ng ika-sampung bahagi ng sangkatauhan.

Unang Lunas

O kahabag-habag na maysakit! Huwag kang mabalisa, magkaroon ng pasensya! Ang iyong sakit ay hindi karamdaman para sa iyo; maaaring ito ay isang uri ng lunas. Sapagkat ang buhay ay kapital na lumilisan. Kung hindi ito nagkakaroon ng mga bunga, ito ay sayang. At kung ito ay dumaraan nang may kaalwanan at pagwawalang-bahala, ito ay dumaraan nang napakatulin. Pinapagbunga ng sakit ang kapital mong iyan ng malaking kita. Higit pa rito, hindi niya pinapahintulutang dagliang dumaan ang iyong buhay, ito ay pumipigil at nagpapahaba, upang ito (ang iyong buhay) ay lumisan matapos magkaroon ng mga bunga.

Ang palatandaan na ang iyong buhay ay humahaba sa pamamagitan ng sakit ay nasa sumusunod na paulit-ulit na kasabihan: “Ang panahon ng kalamidad ay napakahaba; ang panahon ng kasiyahan, napakaiksi.”

Ikalawang Lunas

O maysakit na kulang sa pagtitiis! Maging matiisin, tunay ngang maghandog ng pasasalamat. Maaaring gawin ng iyong sakit ang anyo ng bawat minuto ng iyong buhay na katumbas ng isang oras na pagsamba. *Dahil ang pagsamba ay may dalawang uri.* Ang isa ay positibo tulad ng mga kilalang pagsamba na *salah* at panalangin. Ang isa naman ay mga negatibong uri ng pagsamba tulad ng mga sakit at mga kalamidad. Sa pamamagitan ng mga ito, nauunawaan ng mga dumaranas nito ang kanilang kawalan ng kakayahan at kahinaan; nagsusumamo sila sa kanilang *Khaliq-i Raheem* (Pinakamahabaging Tagapaglikha) at nagpapakupkop sa Kanya; nagpapahayag sila ng pagsamba na tapat at walang pagkukunwari.

Oo, may matibay na pagsasalaysay na *ang buhay na dumaan sa pagkakasakit ay itinuturing na pagsamba para sa nananampalataya—sa kondisyon na hindi siya nagrereklamo tungkol kay Allah⁴.* Pinatunayan pa nga ng isang matibay na pagsasalaysay at ng mga naghahayag ng mga katotohanan ng paglikha na ang isang minuto ng pagkakasakit ng ilan na buo ang pagiging matiisin at mapagpasalamat ay nagiging katumbas ng isang oras na pagsamba at ang isang minuto ng pagkakasakit ng ilang mabubuting tao ay katumbas ng isang araw na pagsamba. Samakatuwid, hindi ka dapat magreklamo ukol sa isang sakit na tila ginagawa ang isang minuto ng iyong buhay na isang libong minuto at nagbibigay sa iyo ng mahabang buhay; bagkus ikaw ay dapat maghandog ng pasasalamat.

Ikatlong Lunas

O walang tiyagang maysakit! Ang katotohanan na ang mga dumarating sa mundong ito ay patuloy na lumilisan, at ang mga bata ay tumatanda, at ang tao ay walang hanggang umiikot sa gitna ng kamatayan at paghihiwalay ay nagpapatunay na siya ay hindi nandirito sa mundo para magpakasaya at tumanggap ng kasiyahan.

Higit pa rito, bagama't ang tao ang pinaka-perpekto, pinakamataas sa mga may buhay at ang pinaka-pinagkalooban sa aspeto ng katawan at kakayahan, tunay na parang hari ng mga may buhay na nilalang, siya ay nananahan sa mga nakalipas ng kasiyahan at mga kalamidad na darating kaya't nagdaraan lamang sya sa isang malungkot at mahirap na buhay, mas mababa pa sa mga hayop.

Ibig sabihin, ang tao ay hindi dumating sa mundong ito para mamuhay sa madaling paraan at ubusin ang buhay sa kaalwanan at kasiyahan. Sa halip, siya'y nagtataglay ng napakalaking kapital, at nandirito siya para magtrabaho at makipag-kalakalan para sa kaligayahan ng isang walang hanggang, walang kamatayang buhay. Ang kapital na ibinigay sa tao ay ang kanyang buong buhay. Kung walang sakit, ang mabuting kalusugan at kalagayan ay maaaring magsanhi ng pagwawalang-bahala, dahil ipapakita nila na ang mundo ay maganda at ang kabilang buhay ay makakalimutan. Hindi nila gustong isipin ang libingan at kamatayan; nagiging sanhi sila ng pagkalustay ng kapital ng buhay sa mga walang halagang bagay. Samantalang ang sakit ay biglang nagbubukas ng mga mata. Sinasabi nito sa katawan: "Hindi ka immortal. Hindi ka hinayaan sa iyong mga sariling kagustuhan. Mayroon kang tungkulin. Iwan mo ang iyong kahambugan, isipin Ang Nag-lisa na lumikha sa iyo. Alamin mo na ikaw ay papasok sa hukay, kaya't ihanda mo ang iyong sarili para dito!"

Samakatuwid, ang sakit sa pananaw na ito ay isang tagapagpayo na hindi kailanman nanlilinlang at isang nagpapaalalang gabay. Hindi dapat magreklamo ukol dito, tunay na dapat ipagpasalamat. At kung malubha, pagtitiis ang dapat hilingin.

Ikaapat na Lunas

O nagdaramdam na maysakit! Ang karapatan mo ay hindi ang magreklamo; maghandog ng pasasalamat, magtiis. Dahil ang iyong katawan at ang mga miyembro at kakayahan nito ay hindi mo pag-aari. Hindi mo sila nilikha, at hindi mo sila binili mula sa mga pagawaan. Ibig sabihin, sila ay pag-aari ng iba. Ang nagmamay-ari sa kanila ang gagamit sa kanyang pag-aari ayon sa kanyang kagustuhan.

Tulad ng nakasaad sa Ikadalawampu't Anim na Salita, halimbawa, ang

isang napakayaman at dalubhasa sa sining ay kumuha ng isang maralita bilang modelo upang itanghal ang kanyang mahusay na sining at mahalagang kayamanan. Kapalit ng sahod, sandali niyang dinamitan ang maralita ng isang mapalamuti at mahusay na pagkakatahing damit. Inayos niya ito at binigyan ng iba't ibang anyo. Para maipakita ang mga katangi-tanging uri ng kanyang sining, tinatabas niya ang tela, binabago, at pinapahaba at pinapaikli ito. May karapatan ba ang maralitang modelo na nagtatrabaho kapalit ng sahod na sabihin sa dalubhasa: “Pinapahirapan mo ako, nagdudulot sa akin ng pagkabalisa ang anyo na ibinigay mo (sa damit) na pinapayuko’t pinapatayo ako, sinisira mo ang aking kagandahan habang tinatabas at pinapaikli ang damit na nagpapaganda sa akin”? Pwede niya bang sabihing “malupit at madaya ka”?

Tulad ng nasabing paghahalintulad, o maysakit, pinalamutian ka ng *Sani’i Zuljalal* (Maluwalhating Tagapaglikha) ng makikinang na katangian gaya ng mata, tainga, katwiran, at puso para maipakita ang mga palamuti ng Kanyang Pinakamagagandang Pangalan, pinapaikot ka sa iba-ibang anyo at binabago ka sa maraming situwasyon. Tulad ng pagkakatatuto mo sa Kanyang Pangalan na *Razzaq* (Tagapagtustos) sa pamamagitan ng gutom, kilalanin mo rin ang Kanyang Pangalan na *Shafii* (Tagapagpagaling) sa pamamagitan ng iyong sakit. Dahil ipinapakita ng pagdurusa at kalamidad ang mga kautusan ng ilan sa Kanyang mga Pangalan, maraming kabutihan ang makikita sa loob nitong mga kislap ng karunungan at mga sinag ng awa.

Kung bubuksan ang kurtina ng sakit na iyong kinatatakutan at kinamumuhian, marami kang makikitang nakalulugod at magagandang kahulugan sa likod nito.

Ikalimang Lunas

O ikaw na tinamaan ng sakit! Sa pamamagitan ng aking karanasan ay nabuo ko ang opinyon sa ngayon na ang sakit ay isang banal na pabor, isang regalo ng Pinakamahabagin sa ilang tao.⁵

Bagama’t hindi ako karapat-dapat, sa nakaraang walo o siyam na taon, ilang kabataan ang lumapit na sa akin dahil ng sakit, hinihingi ang aking panalangin. Napansin ko na ang bawat isa sa kabataang maysakit ay nagsimulang mag-isip ng kabilang buhay sa antas na nakahihigit pa kaysa sa ibang kabataan. Wala siyang pagkalango ng kabataan. Inililigtas niya ang kanyang sarili sa isang antas mula sa kapusukan sa kapabayaan. Kaya’t sila ay aking hinaharap at pinapaalalahanan na ang kanilang sakit na kayang dalhin ay banal na pabor. Sinasabi ko: “Aking kapatid, hindi ako kontra sa sakit mong ito, hindi ako nakakaramdam ng awa at habag para sa iyo dahil ng iyong sakit para ikaw ay aking ipagdasal. Piliting

maging matiisin hanggang gisingin ka nang buo ng sakit, at matapos nitong gawin ang kanyang tungkulin, sa pahintulot ng Allah, pagagalingin ka ng *Khaliq-i Raheem* (Pinakamahabaging Tagapaglikha).”

Sinasabi ko rin sa kanila: “Sa pamamagitan ng kalamidad ng mabuting kalusugan, ang ilan sa inyong mga kasama ay nagiging pabaya, kinakalimutan ang *salah*, hindi iniisip ang libingan, at kinakalimutan ang *Janab-i Allah* (Makapangyarihang Allah). Sa pamamagitan ng mababaw na kaligayahan ng panandaliang oras ng makamundong buhay, niyayanig, sinisira at winawasak nila ang walang katapusang, walang hanggang buhay. Dahil sa sakit, nakikita mo ang hukay, na anumang mangyari ay iyong papasukin, at ang mga tirahan sa kabilang buhay, at kumikilos ka base sa kanila. Ibig sabihin, ang sakit ay mabuting kalusugan para sa iyo habang para sa iba mong kasama ang mabuting kalusugan ay sakit...”

Ikaanim na Lunas

O maysakit na nagrereklamo sa kanyang pagdurusa! Hinihingi ko sa iyo: isipin mo ang iyong nakaraan at alalahanin ang mga maliligaya’t masasayang araw at ang mga nakababahala’t nakalulungkot na panahon. Paniguradong masasabi mo ang “Uy!” o “Ay!” Ibig sabihin, ang iyong puso at dila ay maaaring masabi ang “Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay sa Allah!” o ang “Ay, malas at sayang!”

Pansining mabuti na ang nagpapasambit sa iyo ng “Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay sa Allah!” ay ang pag-iisip ng mga pagdurusa at kalamidad na dumapo sa iyo; nagpapadama ito ng espirituwal na kaligayahan para ang iyong puso’y maghandog ng pasasalamat. Sapagkat ang paglipas ng pagdurusa ay kaligayahan. Sa paglipas ng mga pagdurusa at mga kalamidad, isang pamana ng kaligayahan ang naiwan sa espirito, na sa paglitaw nito sa pamamagitan ng pag-iisip ay bumubuhos mula sa espirito at pumapatak ang pagpapasalamat.

Ang nagpapasambit sa iyo ng “Ay, malas at sayang” ay ang mga maliligaya’t masasayang situwasyon na iyong naranasan dati, na nagpapamana ng walang patid na pagdurusa sa iyong espirito dahil sa kanilang paglipas. Tuwing naiisip mo, ang pagdurusa ay muling nananariwa at nagdudulot ng pagbuhos ng panghihinayang at pagdadalamhati.

Ang isang araw ng bawal na kaligayahan ay minsan nagdudulot ng isang taon ng espirituwal na pagdurusa, at sa pansamantalang pagdurusa na kaakibat ng isang araw na karamdaman ay maraming araw ng espirituwal na kaligayahan at gantimpala bukod pa sa kaligayahang dulot

ng kaginhawahan sa paglipas nito at sa pagkakaligtas mula rito.

Isipin mo ang resulta ng panandaliang sakit na dinaranas mo ngayon at ang kabutihan ng kanyang panloob na anyo at sabihin: “Ito ay lilipas din”, at maghandog ng pasasalamat sa halip ng pagrereklamo.

Ikaanim na Lunas Nota

O aking kapatid na iniisip ang kaligayahan sa mundong ito at nagdurusa dahil sa pagkabahala sa sakit! Kung ang mundong ito’y walang hanggan, at kung walang kamatayan sa ating daan, at kung hindi bumubuga ang hangin ng paghihiwalay at pagpanaw, at kung walang taglamig ng espirito sa mabagyong hinaharap, kasama mo akong maaawa sa iyo. Pero dahil isang araw ang mundong ito’y uutusan tayong umalis at isasara ang kanyang mga tainga sa ating pag-iyak, kailangan nating iwanan ang pagmamahal natin sa kanya ngayon pa lang sa pamamagitan ng mga babala nitong mga sakit, bago niya tayo paalisin. Bago niya tayo iwan, kailangang pilitin na ng ating mga puso na iwanan siya.

Oo, sinasabi ng sakit ang ganitong babala sa atin: “Hindi bato at bakal ang bumubuo sa iyong katawan, kungdi iba’t ibang materyales na laging lumilipas. Iwanan mo ang iyong pagmamataas, intindihin mo ang iyong kahinaan, kilalanin mo ang Nagmamay-ari sa iyo, alamin mo ang iyong mga tungkulin, at pag-aralan kung bakit ka naririto sa mundo!” Pasikreto niyang ipinapahayag ito sa tainga ng puso.

Dagdag pa, dahil ang sarap at kaligayahan sa mundong ito ay hindi nagpapatuloy, at lalo na kung sila ay mga ipinagbabawal, sila ay panandalian at puno ng sakit, at makasalanan, huwag kang umiyak sa iyong pagkakasakit dahil nawala sa iyo ang mga kaligayahang iyon. Bagkus, isipin ang aspeto ng pagsamba at gantimpala sa kabilang buhay na makikita sa sakit, at piliting tumanggap ng kaligayahan mula sa kanila.

Ikapitong Lunas

O maysakit na nawalan na ng kaligayahang dulot ng mabuting kalusugan! Hindi sinisira ng iyong sakit ang kaligayahang mula sa mga banal na biyaya, bagkus, pinapatikim at pinaparami. Sapagkat kung ang isang bagay ay patuloy, nawawala ang epekto nito. Sinasabi pa nga ng

mga tao ng realidad na: **بِأَضْدَادِهَا إِنَّمَا الْأَشْيَاءُ تُعْرَفُ** Ibig sabihin, “Nakikilala ang mga bagay sa pamamagitan ng kanilang kasalungat.” Halimbawa, kung walang kadiliman, hindi makikilala ang liwanag at hindi ito maglalaman ng kaligayahan. Kung walang lamig, hindi maiintindihan kung ano ang init at hindi ito maglalaman ng

kaligayahan. Kung walang gutom, walang sarap na maidudulot ang pagkain. Kung walang uhaw, walang sarap na malalasap sa pag-inom ng tubig. Kung walang pagkabalisa, walang ginhawang makukuha sa mabuting kalusugan. Kung walang karamdaman, walang kaligayahang makukuha sa mabuting kalusugan.

Ang pagbibigay ng *Fatir-i Hakeem* (Pinakamarunong na Tagapaglikha) sa tao ng tunay na napakaraming katangian at kakayahan, hanggang sa punto na maaari niyang maranasan at makilala ang hindi mabilang na uri ng biyaya sa kalawakan, ay nagpapakita na gusto Niyang batid ng tao ang bawat uri ng Kanyang biyaya at ipakilala sila sa kanya at udyukin siya na maghandog ng pasasalamat. Dahil ganito ito, magbibigay Siya ng karamdaman, sakit at pagdurusa, gaya ng Kanyang pagbibigay ng mabuting kalusugan at kalagayan.

Tanong ko sa iyo: “Kung hindi nagkaroon ng sakit sa iyong ulo o sa iyong kamay o tiyan, makikita mo kaya ang masarap at nakapagpapasayang banal na biyaya ng mabuting kalusugan ng iyong ulo, kamay o tiyan, at magbibigay ng pasasalamat?” Paniguradong hindi pagpapasalamat, ni hindi mo man lang maiisip ito! Maaaring walang-malay mong magagamit ang mabuting kalusugan sa pagwawalang-bahala, at maaaring kahit sa pagkagumon sa kasamaan.

Ikawalong Lunas

O maysakit na iniisip ang kanyang kabilang buhay! Inaalis ng sakit ang duming dulot ng kasalanan gaya ng sabon, at nakalilinis. Sinabi sa isang matibay na *hadith* na ang mga sakit ay pambayad sa mga kasalanan. At sa isa pang *hadith*, sinasabi: “Gaya ng paglaglag ng mga hinog na bunga mula sa kinakalog na puno, nalalaglag ang mga kasalanan ng isang nananampalataya sa pagkakakalog sa kanya sa pamamagitan ng sakit.”⁶

Ang mga kasalanan ay ang mga patuloy na sakit sa buhay na walang hanggan. Sa buhay natin dito sa mundo, sila ay mga di-materyal na karamdaman para sa puso, kunsensya at espirito. Kung ikaw ay matiisin at hindi nagrereklamo, maliligtas ka sa pamamagitan ng pansamantalang sakit na ito mula sa napakaraming walang hanggang sakit.

Kung hindi mo iisipin ang iyong mga kasalanan, o kung hindi mo alam ang kabilang buhay, o kung hindi mo kilala ang Allah, nagdurusa ka mula sa isang sakit na sadyang nakakatakot na malubha pa nang isang milyong beses sa iyong maliliit na sakit. Iyon ang iyong iyakan.

Sapagkat ang lahat ng nilikha sa mundo ay konektado sa iyong puso, espirito at kaluluwa, ang mga koneksyon na iyon ay patuloy na pinuputol

ng kamatayan at paghihiwalay, na siyang nagbubukas sa iyo ng di-mabilang na sugat. At dahil hindi mo alam ang kabilang buhay at iniisip mo na ang kamatayan ay walang hanggang kawalan, ang iyong katauhan, na tila halos sugatan, ay nagdurusa ng ganggamundong sakit.

Kaya't ang una mong dapat gawin ay hanapin ang lunas na pananampalataya, na isang siguradong lunas at nakagagaling na panghaplos para sa di-mabilang na sakit ng iyong walang hanggang sugatan at maysakit at napakalawak na espirituwal na katauhan, at dapat mong itama ang iyong paniniwala. Ang pinakamaiksing paraan para mahanap ang lunas na ito ay ang kilalanin ang kapangyarihan at awa ng *Qadir-i Zuljalal* (Pinakamakapangyarihang Kaluwalhatian) na naipapakita sa bintana ng iyong kahinaan at kawalan ng kakayahan sa pamamagitan ng pagpunit ng iyong pisikal na sakit sa kurtina ng pagwawalang-bahala.

Oo, ang isang hindi kumikilala sa Allah ay dumaranas ng isang mundong puno ng paghihirap. Ang mundo ng isang kumikilala sa Kanya ay puno ng liwanag at espirituwal na saya; madarama niya ito sa lakas ng kanyang pananampalataya ayon sa kanyang antas. Ang pagdurusa na nagmumula sa walang halagang pisikal na sakit ay nilulusaw at winawasak ng espirituwal na kaligayahan, paggaling, at sarap na dulot nitong pananampalataya.

Ikasiyam na Lunas

O maysakit na kumikilala sa kanyang *Khaliq* (Tagapaglikha)! Ang pagdurusa, pagkabalisa at takot sa sakit ay dahil minsan ito'y umaabot sa kamatayan. Dahil sa panlabas niyang anyo at sa napariwarang pananaw na ang kamatayan ay kakila-kilabot, nagdudulot ng takot at pangamba ang sakit na maaaring umabot dito.

Una: alamin at matibay na paniwalaan na: “Tiyak na ang nakatak dang oras at hindi nababago.” Ang mga umiiyak sa tabi ng mga may malubhang sakit at ang mga may mabuting kalusugan ay nagsimatay, habang ang mga may malubhang sakit ay nagsigaling at nabuhay.

Ikalawa: Hindi kakila-kilabot ang kamatayan kahit na mukha itong ganito sa panlabas. Sa pamamagitan ng liwanag na ibinibigay ng Pinakamarunong na Qur'an, napatunayan namin nang may katiyakan, walang pagdududa at walang pag-aalinlangang paraan sa maraming bahagi ng Risale-i Nur na para sa mga nananampalataya, ang kamatayan ay ang magpapalaya mula sa mga mabibigat na tungkulin sa buhay. At para sa kanila, ito ay pagpapahinga mula sa pagsamba, na siyang kautusan at pagsasanay sa arena ng pagsubok dito sa mundo. Ito rin ay paraan para makasama nilang muli ang mga kaibigan at kamag-anak na

siyamnapu't siyam mula sa isang daan ay lumisan na para sa kabilang buhay. At ito ay paraan para makapasok sa kanilang tunay na tinubuang-bayan at walang hanggang tahanan ng kaligayahan. Ito rin ay isang paanyaya tungo sa mga hardin ng Paraiso mula sa piitan ng mundong ito. At ito rin ang oras para tanggapin ang sahod mula sa kagandahang-loob ng *Khaliq-i Raheem* (Pinakamahabaging Tagapaglikha) kapalit ng serbisyong ibinigay sa Kanya. Dahil ang katotohanan ng kamatayan ay ganito, hindi ito dapat ituring na kakila-kilabot, bagkus, bilang isang panimula sa awa at kaligayahan. Higit pa rito, ang takot sa kamatayan ng ilan sa mga tapat sa Allah ay hindi dahil sa kilabot nila dito, kungdi dahil sa pag-asa nilang umani pa ng mas maraming gantimpala sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mas maraming kabutihan sa pagpapatuloy ng mga tungkulin (nila) sa buhay.

Oo, para sa mga nananampalataya, ang kamatayan ay ang pinto tungo sa banal na awa. Para sa naligaw ng landas, ito ay balon ng walang hanggang kadiliman.

Ikasampung Lunas

O maysakit na nag-aalala nang hindi kinakailangan! Nag-aalala ka sa kalubhaan ng iyong sakit at ang pag-aalala na iyan ay nagdaragdag sa iyong sakit. Kung gusto mong hindi maging gaanong malubha ang iyong sakit, piliting huwag mag-alala. Ibig sabihin, isipin ang mga pakinabang ng iyong sakit, ang espirituwal na kabayaran para rito, at na mabilis itong lilipas; alisin ang pag-aalala; putulin ang sakit sa ugat nito.

Oo, dinodoble ng pag-aalala ang sakit. Ang pag-aalala ay nagbibigay ng di-materyal na sakit sa puso sa ilalim ng pisikal na sakit; nakasandal dito ang pisikal na sakit at nagpapatuloy. Kung titigil ang pag-aalala sa pamamagitan ng pagpapasakop, pagtanggap, at pag-iisip sa karunungan nakapaloob sa sakit, napuputol ang isang mahalagang ugat ng pisikal na sakit; ito ay nagiging mas magaan at sa isang banda'y nawawala. Minsan lumalaki nang sampung beses ang isang maliit na pisikal na sakit dahil sa pag-aalala. Sa pagputol ng pag-aalala, siyam sa sampu ng sakit ay nawawala.

Tulad ng pagpaparami ng pag-aalala sa sakit, ito rin ay parang pag-aakusa laban sa banal na karunungan at isang pamimintas sa banal na awa, at reklamo laban sa *Khaliq-i Raheem* (Pinakamahabaging Tagapaglikha). Dahil dito, salungat sa kanyang intensyon, ang isang gumagawa nito ay nakakatanggap ng espirituwal na sampal, pinaparami nito ang kanyang sakit. Oo, gaya ng pagpaparami ng pagpapasalamat sa biyaya, pinaparami rin ng reklamo ang sakit at kalamidad.

At saka, ang pag-aalala mismo ay isang sakit. Ang lunas para rito ay

ang pag-alam sa karunungan nakapaloob sa sakit. Dahil alam mo ang kanyang karunungan at kabutihan, gamitin mo ang panghaplos na iyan sa iyong pag-aalala at maligtas! Sabihin, “Uy” sa halip na “Ay, malas at sayang!”, at **الْحَمْدُ لِلَّهِ عَلَى كُلِّ حَالٍ** “Ang lahat ng papuri sa Allah para sa bawat sitwasyon” sa halip na “Hay, naku.”

Ikalabing-isang Lunas

O may sakit kong kapatid na walang pagtitiis! Kasama ng kagyat na pagdurusang na ibinibigay ng sakit sa iyo, ang paglisan ng iyong sakit noong nakaraan hanggang sa ngayon ay nagbibigay ng espirituwal na kaligayahan at saya na nagmumula sa gantimpalang natanggap dahil sa pagtitiis dito. Mula ngayon, at kahit mula sa oras na ito, walang karamdaman, at siguradong walang pagdurusang makukuha mula sa wala. At kung walang pagdurusang, wala dapat pagdadalamhati. Nagiging mapagwalang-pasensya ka dahil mali ang pagpapalagay mo sa mga bagay. Dahil, kasama ng paglisan ng pisikal na aspeto ng oras ng iyong pagkakasakit bago ng araw na ito, ang sakit ay lumisan kasabay nito; ang tanging nanatili ay ang gantimpala at kasiyahanang dulot ng paglisan nito. Habang dapat ito’y nagbibigay sa iyo ng pakinabang at saya, ang mag-isip ng mga nagdaang araw at magluksa at mainip ay kahibangan. Hindi pa dumarating ang bukas. Ang isipin sila ngayon, at sa pagpapalagay sa isang araw na hindi pa dumarating at sa isang sakit na wala pa at sa isang pagluluksa na hindi pa dumarating, para magluksa at magpakita ng kawalan ng pasensya, ay pagbibigay ng kulay sa tatlong antas ng kawalan—kung iyon ay hindi kahibangan, ano?

Dahil, kung ang oras na nagdaan bago ang oras ngayon ay yaong may pagkakaroon ng sakit, ito ay nagdudulot ng saya; at dahil ang oras na susunod sa oras ngayon ay wala pa, at ang sakit ay wala pa, at ang pagdurusang ay wala pa, huwag mong ikalat sa kaliwa’t kanan ang lakas ng pagtitiis na ibinigay sa iyo ng *Janab-i Haqq* (Makapangyarihang Allah); bagkus ipunin mo ito sa harap ng iyong pagdurusang ngayong oras na ito, at sabihin: “O Ang Pinakamatiisin” at magpasensya.

Ikalabindalawang Lunas

O maysakit na dahil sa karamdaman ay hindi makapagsagawa ng pagsamba at mga panalangin at nakakaramdam ng pagluluksa dahil sa kakulangang ito! Alamin ang katotohanan na nakasaad sa isang *hadith* na “ang isang tapat na nananampalataya na dahil sa karamdaman ay hindi makapagsagawa ng mga panalangin na kanyang regular na ginagawa, ay tumatanggap ng katumbas na banal na gantimpala”² Para sa isang maysakit na isinasagawa ang mga ipinag-utos na pagsamba sa abot ng kanyang makakaya nang may pagtitiis at buong pagtitiwala sa Allah, sa

panahon ng kanyang malubhang karamdaman, pumapalit ang sakit sa *Sunna* na pagsamba—at sa tapat na anyo.

Higit pa rito, ipinapaintindi ng sakit sa tao ang kanyang kawalan ng kakayahan at kahinaan. Idinudulot nito sa pamamagitan ng lenggwahe at salita ng kanyang kawalan ng kakayahan at kahinaan ang pananalangin ng dila at katawan. Ibinigay ng *Janab-i Haqq* (Makapangyarihang Allah) ang walang hanggang kawalan ng kakayahan at walang hanggang kahinaan sa tao upang siya ay habang panahon na hihingi ng proteksyon sa Banal na Korte at magsusumamo at mananalangin. Ayon sa kahulugan

ng bersikulo, **قُلْ مَا يَعْبُورُ بِكُمْ رَبِّي لَوْلَا دُعَاؤُكُمْ** *Sabihin: Hindi kayo bibigyang-pansin ng aking Panginoon kung hindi dahil sa inyong mga panalangin* ⁸ iyon ay, “ano’ng halaga mo kung hindi ka naghahain ng dasal at panalangin?”, ang karunungan sa paglikha sa tao at ang dahilan sa kanyang halaga ay tapat na pagdarasal at panalangin. Dahil isa sa mga nagdudulot nito ay sakit, sa punto de vista na ito ay hindi siya dapat ireklamo, bagkus ay dapat pasalamatang ang Allah para dito, at ang gripo ng pananalangin na binuksan ng sakit ay hindi dapat isara sa panunumbalik ng mabuting kalusugan.

Ikalabintatlong Lunas

O kahabag-habag na maysakit na nagrereklamo sa pagkakasakit! Para sa iba, ang sakit ay isang mahalagang kaban ng yaman, isang napakahalagang Banal na pabor. Maaaring isipin ng bawat maysakit ang kanyang karamdaman sa ganoong paraan.

Dahil hindi batid ang takdang oras: para masagip ang tao mula sa tiyak na kawalan ng pag-asa at tiyak na pagwawalang-bahala, at para mailagay siya sa gitna ng pag-asa at takot na siyang magliligtas sa kanyang mundo at kabilang buhay, ikinubli ng *Janab-i Haqq* (Makapangyarihang Allah), sa Kanyang Karunungan, ang takdang oras. Dahil maaaring dumating ang takdang oras sa anumang oras, kung abutan nito ang tao sa pagwawalang-bahala, maaari itong magdulot ng matinding pinsala sa kanyang buhay na walang hanggan. Pinapalis ng sakit ang pagwawalang-bahala, pinapaisip nito sa tao ang kabilang buhay, pinapaalala nito sa kanya ang kamatayan, para siya’y maaaring maghanda. Ang ilang sakit ay lubos na kapaki-pakinabang na naibibigay nila sa tao sa loob ng dalawampung araw ang isang ranggo na ni hindi man lang maaaring makamit sa loob ng dalawampung taon.

Halimbawa, mula sa aking mga kaibigan ay may dalawang kabataan, kaawaan nawa sila ng Allah. Ang isa ay si Ilamali Sabri, at ang isa ay si Islâmköylü Vezirzâde Mustafa. Napansin ko nang may paghanga na bagama’t ang dalawang ito ay hindi nakakapagsulat, kasama sila sa mga

pinakamahusay pagdating sa katapatan at sa serbisyo ng pananampalataya. Hindi ko alam ang karunungan nakapaloob dito. Naintindihan ko matapos nilang pumanaw na pareho silang dumanas ng malubhang karamdaman. Sa pamamagitan ng gabay ng sakit, hindi tulad ng ilang mapagwalang-bahalang kabataan na kinalimutan na ang ipinagutos na pagsabamba, sila ay may matinding takot sa Allah, nagsagawa ng pinakamahalagang serbisyo, at nagkamit ng isang estado na kapakinabang sa kabilang buhay. *Inshaallah* (Kung pahihintulutan ng Allah), ang pagkabalisa sa dalawang taon na pagkakasakit ay naging paraan para sa kaligayahan ng milyon-milyong taon ng buhay na walang hanggan. Ngayong naiintindihan ko na ang mga dasal na minsan ay inialay ko para sa kanilang kalusugan ay mga sumpa sa mundong ito. Kung pahihintulutan ng Allah, ang aking mga dasal ay tinanggap para sa kanilang kalagayan sa kabilang buhay.

Samakatuwid, ayon sa aking paniniwala, silang dalawa ay kumita ng katumbas sa yaong maaaring makamit sa pamamagitan ng sampung taong pagkatakot sa Allah. Kung tulad ng ibang kabataan, ang dalawang ito'y umasa sa kanilang kabataan at mabuting kalusugan at inilugmok ang kanilang mga sarili sa pagwawalang-bahala at bisyo, at habang sila'y minamanmanan ay sinunggaban sila ng kamatayan sa gitna ng kalaswaan ng kanilang mga kasalanan, magmimistulang mga lungga ng alakdan at ahas ang kanilang mga libingan sa halip na kaban ng liwanag.

Dahil naglalaman ng mga ganitong kabutihan ang mga sakit, hindi dapat magreklamo ukol sa kanila, bagkus ay magtiwala sa Kanyang awa nang may pagpapasalamat, pagtitiwala sa Allah at pagtitiis.

Ikalabing-apat na Lunas

O maysakit na ang mga mata'y nagkaroon na ng katarata! Kung batid mo kung anong liwanag at espirituwal na mata ang makikita sa ilalim ng katarata na bumabalot sa mga mata ng mga nananampalataya, masasambit mo: "Isandaang libong pasasalamat sa aking *Rabb-i Raheem* (Pinakamahabaging Tagapagsustento)." Aking babalikan ang isang pangyayari para maipaliwanag sa iyo ang lunas na ito. Ito ay ang sumusunod:

Isang araw, ang tita ni Barlah Süleyman, na naglingkod sa akin ng walong taon nang buong katapatan at sa sariling kagustuhan, ay nabulag. Dahil sa mabuting pagtingin niya sa akin na isandaang beses pang higit sa nararapat sa akin, inabangan ako ng mabuting babaeng ito sa may pintuan ng masjid at hiningi na ipanalangin kong bumalik ang kanyang paningin. Kaya ginamit ko ang kabutihan ng pinagpalang babaeng ito bilang tagapamagitan sa aking panalangin, at nagsusumamo sa Makapangyarihang Allah, aking dinasal: "*Ya Rabbi* (O aking

Panginoon)! Ibalik Niyo po ang kanyang paningin alang-alang sa kanyang kabutihan.” Sa ikalawang araw, isang manggagamot ng mata mula sa Burdur ay dumating at tinanggal ang katarata. Makalipas ang apatnapung araw, nawala muli ang kanyang paningin. Ako ay lubhang nalungkot at ipinanalangin ko siya nang husto. *Inshaallah* (Kung pahihintulutan ng Allah), ang dasal ay tinanggap para sa kanyang kabilang buhay, dahil kung hindi ay ang dasal kong iyon ay maaaring isang napakalaking pagkakamaling sumpa para sa kanya. Dahil apatnapung araw ang nanatili hanggang sa kanyang kamatayan; matapos ng apatnapung araw siya ay namatay—Kaawaan nawa siya ng Allah.

Samakatuwid, sa halip na ang babaeng ito ay malungkot na tumitingin sa mga hardin ng Barla gamit ang mata ng katandaan, siya ay kumita dahil kanyang natatanaw, sa kanyang libingan, nang apatnapung libong araw ang mga hardin ng Paraiso dahil ang kanyang pananampalataya ay matibay at siya ay lubos na mabuti.

Oo, kung mawala ang paningin ng isang nananampalataya at pumasok sa kanyang libingan nang bulag, ayon sa kanyang estado, maaari niyang makita ang mundo ng liwanag nang higit pa kaysa sa ibang nakalibing. Gaya ng kakayahan nating makita ang maraming bagay sa mundong ito na hindi nakikita ng mga bulag na nananampalataya, kung sila ay lumisan nang may pananampalataya, ang mga bulag na iyon ay nakakakita nang higit pa sa ibang nakalibing. Tila tumitingin gamit ang pinakamalalakas na largabista, maaari nilang makita at matanaw ang mga hardin ng Paraiso gaya ng sa sinehan, ayon sa kanilang estado.

Samakatuwid, sa pamamagitan ng pasasalamat at pagtitiis, matatagpuan mo sa ilalim ng tabing ng iyong kasalukuyang mata ang isang mata na puno ng liwanag, at gamit ito sa ilalim ng lupa ay makikita at mamamatyagan mo ang Paraiso sa ibabaw ng mga kalangitan. At ang mag-aalis ng tabing mula sa iyong mata, ang manggagamot ng mata na magpapahintulot sa iyo na tumingin gamit yaong isang mata, ay ang *Qur'an-i Hakeem* (ang Pinakamarunong na Qur'an).

Ikalabinlimang Lunas

O maysakit na bumubuntong-hininga at tumatangis! Huwag mong tingnan ang panlabas na aspeto ng iyong sakit at bumuntong-hininga, tingnan mo ang kanyang kahulugan at sabihin “Uy!” Kung hindi naging mabuti ang kahulugan ng sakit, hindi magbibigay ng sakit ang *Khaliq-i Raheem* (Pinakamahabaging Tagapaglikha) sa kanyang mga pinakamamahal na mga tagapaglingkod. Habang, mayroong isang hadith na ang kahulugan ay, أَشَدُّ النَّاسِ بَلَاءَ الْأَنْبِيَاءِ ثُمَّ الْوَلِيَّاءِ

الْمُتْلُ فَالْمُتْلُ - أَوْ كَمَا قَالَ - “Ang mga dumaranas ng pinakamatinding pagsubok ay ang mga propeta, kasunod ang mga santo at ang mga katulad nila.”⁹ Iyon ay, “Ang pinaka-dumaranas ng mga kalamidad at kahirapan ay ang mga pinakamahusay na tao, ang mga pinakaperpekto.” Nangunguna si Propeta Job (sumakanya ang kapayapaan) at ang ibang mga propeta, kasunod ay ang mga santo, tapos ang mga mabubuti, na itinuring ang mga sakit na kanilang dinanas bilang tapat na pagsamba, bilang regalo ng Pinakamahabagin; sa pagtitiis ay naghandog sila ng pasasalamat. Tiningnan nila ang mga ito bilang isang uri ng kirurhikong operasyon na nagmula sa habag ng *Khaliq-i Raheem* (Pinakamahabaging Tagapaglikha).

O ikaw na bumubuntong-hininga at tumatangis! Kung gusto mong sumama sa maningning na karaban na ito, maghandog ng pasasalamat sa pamamagitan ng pagtitiis. Dahil kung ikaw ay magrereklamo, hindi ka nila tatanggapin. Mahuhulog ka sa hukay ng mga tao ng pagwawalang-bahala, at maglalakbay sa madilim na daan.

Oo, may mga uri ng sakit na kung hahantong sa kamatayan ay nagdudulot ng isang estado ng pagka-santo gaya ng pagka-martir. Halimbawa, yaong mga namamatay mula sa mga sakit na kaakibat ng panganganak¹⁰ at sakit ng tiyan, at sa pamamagitan ng pagkalunod, pagkasunog, at salot, ay nagiging mga martir. Kaya maraming pinagpalang mga sakit na nagdudulot ng estado ng pagka-santo para sa mga namamatay dahil nila.

Higit pa rito, dahil binabawasan ng sakit ang pagmamahal sa mundo at pagkagiliw dito, pinapagaan nito ang paghihiwalay sa mundo sa pamamagitan ng kamatayan, na para sa mga makamundo ay sukdulang kalugmok-lugmok at napakasakit, at minsan pa’y ginagawa ang kamatayan na kanais-nais.

Ikalabing-anim na Lunas

O maysakit na dumadaing sa kanyang pagkabalisa! Iniuudyok ng sakit ang respeto at awa, na napakahalaga at mabuti sa sosyal na aspeto ng buhay ng tao. Dahil inililigtas nito ang tao mula sa sariling kasapatan, na nagtutulak sa kanya sa paglayo sa kapwa at sa kalupitan. Dahil, ayon sa karunungan ng mga bersikulo,

إِنَّ الْإِنْسَانَ لِرَبِّهِ لَكَنَافٍ * أَنْ رَأَاهُ اسْتَعْنَى

*Hindi! Katotohanan, ang tao ay lumabag sa lahat ng hangganan (ng pagsuway, kawalan ng pananalig at kasamaan, atbp.). *Sapagkat itinuring niya ang kanyang sarili na may sariling kasapatan (hindi nangangailangan ng anumang tulong),¹¹ ang isang kaluluwang nag-*

uutos sa kasamaan na nakakaramdam ng sariling kasapatan dahil sa mabuting kalusugan at kalagayan, ay, sa maraming pagkakataon, hindi nakakaramdam ng respeto para sa kanyang mga kapatid na karapat-dapat dito. At hindi siya nakakaramdam ng awa para sa mga maysakit at sa mga tinamaan ng kalamidad, kahit na karapat-dapat sila sa kabutihan at awa.

Tuwing siya ay may sakit, naiintindihan niya ang kanyang sariling kahinaan at kakulangan, at may respeto siya sa kanyang mga kapatid na karapat-dapat dito. Nakakaramdam siya ng respeto para sa kanyang mga kapatid na nananampalataya na dumadalaw o tumutulong sa kanya. At nakakaramdam siya ng kabutihan ng tao, na sumisibol mula sa pakikiisa at awa para sa mga tinamaan ng kalamidad—isang napakahalagang katangian sa Islam. At sa kanyang pagkukumpara sa kanila sa sarili niya, siya’y naaawa sa totoong kahulugan ng salitang ito at nakakaramdam ng awa para sa kanila. Ginagawa niya ang kanyang makakaya para tulungan sila, kahit man lamang ipagdasal sila at kahit man lamang dalawin sila upang kumustahin sila, na isang *sunnah* ayon sa Shari’a kaya’t umaani ng gantimpala.

Ikalabing-pitong Lunas

O maysakit na dumadaing sa kawalan ng kakayahang gumawa ng mabubuting gawain dahil ng sakit! Maghandog ng pasasalamat! Ang sakit ang nagbubukas sa iyo ng pinto ng pinakatapat na mabubuting gawain. Dagdag pa sa patuloy na pagkamit ng banal na pabor para sa maysakit at sa mga nag-aalaga sa kanya alang-alang sa Allah, ang sakit ay isa sa pinakamahalagang paraan para matanggap ang mga panalangin.

Katunayan, may mahalagang banal na pabor para sa mga nananampalataya na nag-aalaga sa maysakit. Ang pangungumusta sa kanilang kalusugan at pagdalaw sa maysakit—sa kondisyon na ito ay hindi pabigat para sa kanila—ay *sunnah*¹² at pagbabayad sa mga kasalanan. May isang *hadith* na nagsasaad, “Tanggapin ang mga panalangin ng maysakit, dahil katanggap-tanggap ang kanilang mga panalangin.”¹³ Ang mag-alaga sa maysakit lalo na kung sila’y kadugo, lalo na kung ito’y mga magulang, ay isang mahalagang pagsamba na umaani ng mahalagang banal na pabor. Parang mahalagang pagbibigay ng *sadaqah* ang pasayahin ang puso ng isang maysakit at aluin siya.

Masuwerte ang tao na pinapasaya ang napakasensitibong puso ng ama’t ina sa oras ng sakit at tumatanggap ng kanilang mabuting panalangin. Oo, kahit ang mga anghel ay pumapalakpak na nagsasabi: “*Ma’shaAllah! Barakallah!*” sa harap ng mga tapat na eksena ng mga mabubuting anak na tumutugon sa oras ng pagkakasakit sa awa sa kanilang mga magulang—sila na pinakakarapat-dapat ng respeto sa

buhay ng lipunan—nang may perpektong respeto at kabaitan, na nagpapakita ng kataasan ng antas ng sangkatauhan.

Oo, may mga kaligayahan sa oras ng pagkakasakit na nagmumula sa kabutihan, awa, at habag ng mga nasa paligid nila, at napakakaaya-aya at nakakagaan ng loob at nakakawala ng mga pagdurusa na dulot ng karamdaman.

Ang pagtanggap sa mga panalangin ng maysakit ay isang mahalagang usapin. Sa nakaraang tatlumpu o apatnapung taon, ako mismo ay nanalangin na pagalingin mula sa sakit na lumbago na aking dinaranas. Ngunit, aking naintindihan na ang sakit ay ibinigay para manalangin. Dahil sa pamamagitan ng panalangin, hindi matatanggal ang panalangin, iyon ay, dahil hindi matatanggal ng panalangin ang kanyang sarili, naintindihan ko na ang resulta ng panalangin ay nasa kabilang buhay¹⁴ at ito ay isang uri ng pagsamba, dahil sa pamamagitan ng sakit naiintindihan ng isang tao ang kanyang kawalan ng kakayahan at naghahanap ng tulong sa Banal na Korte. Samakatuwid, bagama't sa nakaraang tatlumpung taon ako'y naghandog ng mga panalangin para pagalingin at mukhang hindi tinanggap ang aking mga panalangin, hindi ko naisip na isuko ang panalangin.

Dahil ang sakit ay oras ng panalangin, hindi resulta ng panalangin ang paggaling. Kung ibibigay ng *Janab-i Hakeem-i Raheem* (Nag-lisang Pinakamarunong At Pinaka-Mahabagin) ang paggaling, ibinibigay Niya ito dahil sa Kanyang Masaganang Grasya.

Dagdag pa rito, kung ang mga panalangin ay hindi tinanggap sa anyo na gusto natin, hindi maaaring sabihin na hindi sila tinanggap. Mas nakakaalam kaysa sa atin ang *Khaliq-i Hakeem* (Pinakamarunong na Tagapaglikha); ibinibigay Niya anuman ang makabubuti sa atin. Minsan para sa ating ikabubuti, itinuturo Niya ang ating mga panalangin para sa mundong ito sa kabilang buhay, at tinatanggap sila sa ganoong paraan. Anu't anuman...

Ang isang panalangin na nagkakamit ng katapatan dahil sa sakit at nagmumula sa kahinaan, kawalan ng kakayahan, pagpapakumbaba at pangangailangan, ay napakalapit sa pagiging katanggap-tanggap. Ang sakit ang daan para sa tapat na panalangin. Dapat lubusin ng relihiyosong maysakit, at ng mga nananampalataya na nag-aalaga sa maysakit, ang ganitong panalangin.

Ikalabing-walong Lunas

O maysakit na isinusuko ang paghahandog ng pasasalamat at nagsisimulang magreklamo! Ang reklamo ay nagmumula sa karapatan.

Walang karapatang nawala sa iyo na dapat kang magreklamo. Katunayan, maraming pagpapasalamat na isang karapatang hinihingi mula sa iyo, at ang mga ito ay hindi mo naisagawa. Ikaw ay nagrereklamo na parang naniningil ng mga karapatan sa paraang hindi tama samantalang ni hindi mo naibigay ang karapatan ng *Janab-i Haqq* (Makapangyarihang Allah). Hindi ka maaaring tumingin sa iba na nakakaangat sa iyo sa aspeto ng kalusugan, at magreklamo. Bagkus, ikaw ay inatasang magpasalamat habang tumitingin sa mga maysakit na sa aspeto ng kalusugan ay mas mababa sa iyo. Kung ang kamay mo ay bali, tingnan mo ang kanila na naputol. Kung ikaw ay may iisang mata, tingnan mo ang bulag na wala ang parehong mata. At maghandog ng pasasalamat sa Allah!

Oo, walang may karapatang tumingin sa mga nakakaangat sa kanya sa aspeto ng mga biyaya at magreklamo. At sa kalamidad, karapatan ng lahat na tumingin sa mga nakakaangat sa kanila sa aspeto ng dami o bilang ng kalamidad, para sila ay magpasalamat. Ang misteryong ito ay naipaliwanag na sa maraming parte ng *Risale-i Nur* gamit ang paghahalintulad; ang buod nito ay naririto:

Dinala ng isang tao ang isang nakakahiyang tampalasang lalake sa tuktok ng torre. Sa bawat baitang ay binibigyan niya ito ng ibang regalo, ibang biyaya. At sa pinakatuktok ng torre ay ibinigay niya rito ang pinakamalaking regalo. Bagama't nais niya ng pasasalamat at pagkilala ng utang na loob kapalit ng lahat ng samu't saring regalo, nakalimutan ng masungit na lalake ang mga regalo na natanggap niya sa bawat baitang ng hagdan, o itinuring sila na walang halaga, at hindi man lang naghandog ng pasasalamat, tumingin siya sa itaas at nagsimulang magreklamo, na sinasabi, “Kung naging mas mataas lamang itong torre, maaaring nakaakyat pa ako nang mas mataas. Bakit hindi ito kasing-taas ng bundok na iyon o ng torre na iyon?” Kung siya’y magsimulang magreklamo nang ganito, ito’y magiging isang napakalaking kawalan ng pasasalamat, isang kamalian!

Sa ganoon ding paraan, ang tao ay nagkakabuhay mula sa wala, hindi bilang isang bato o isang puno o isang hayop, kungdi isang tao at isang Muslim, at kalimitan ay nakakaranas ng mabuting kalusugan at nagkakamit ng mataas na antas ng mga biyaya. Sa kabila ng lahat ng ito, ang magreklamo at magpakita ng kawalang ng pasensya dahil hindi siya karapat-dapat para sa ilang biyaya, o dahil nawala ang mga ito sa kanya dahil ng (kanyang) maling pagpili o pag-abuso, o dahil hindi niya ito makuha, at ang pintasan ang Banal na pagkapanginoon sa pagsasabi ng “Ano ang aking nagawa para mangyari ito sa akin?”, ay isang kondisyon at isang di-pisikal na sakit na mas kalunos-lunos kaysa sa pisikal na sakit. Gaya ng pakikipag-away gamit ang baling kamay, pinapalala ng kanyang pagrereklamo ang kanyang sakit.

Matino ang tao na ayon sa kahulugan ng bersikulo, “Na nagsasabi kung sila ay nakakaranas ng kapinsalaan: “Kami ang nagmula kay Allah at sa Kanya ang aming pagbabalik,”¹⁵ ay tinatanggap ang ibinigay sa kanya at nagtitiis, para makumpleto ng sakit ang kanyang tungkulin at makalisan.

Ikalabing-siyam na Lunas

Ipinapakita ng katangian ng *Samadane* (Nag-iisang Hinihingan Lagi ng Tulong) na ang Mga Pangalan ng *Jameel-i Zuljalal* (Pinakamagandang Kaluwalhatian) ay maganda. Sa mga nilikha, ang pinakapino, pinakamaganda, at pinaka-komprehensibong salamin ng walang hanggang sariling kasapatan ay ang buhay. Ang salamin sa maganda ay maganda. Ang salamin na nagpapakita ng mga katangian ng kagandahan ay nagiging maganda. Tulad ng pagiging mabuti at maganda ng kahit anong gawin ng ganoong kagandahan sa salamin, kahit anong mangyari din sa buhay sa realidad ay mabuti dahil ipinapakita nito ang magagandang marka ng mga Pinakamagandang Pangalan na mabubuti at magaganda.

Kung dadaan ang buhay nang walang pagkakaiba, na may permanenteng kalusugan at kalagayan, ito ay nagiging salaming may kakulangan. Katunayan, sa isang aspeto, ito ay nagpapahayag ng hindi pag-iral, hindi pagkalikha, at kawalan, at nagdudulot ng pagkabagot. Binabawasan nito ang halaga ng buhay, at ginagawang pagkabalisa ang kaligayahan ng buhay. Sa pagkabagot, ibinubuhos niya ang kanyang sarili sa bisyo o sa mga libangan, dahil naiisip niyang mabilis niyang mapapalipas ang kanyang oras. Gaya ng sentensya sa kulungan, nagiging mabalasik siya sa kanyang mahalagang buhay at gusto niyang patayin ito at mabilis na palipasin.

Samantalang naipaparamdam ng buhay na umiikot sa pagbabago at aksyon at iba’t ibang estado ang kanyang halaga, at ipinapaalam nito ang halaga at kaligahayan ng buhay. Kahit nasa paghihirap at kalamidad, hindi gusto ng taong ito na mabilis na lumipas ang buhay. Hindi siya nagrereklamo dahil ng pagkabagot, na sinasabi, “Naku! Hindi pa lumulubog ang araw,” o, “gabi pa rin.”

Oo, tanungin mo ang isang ginoo na mayaman, walang ginagawa at nabubuhay sa karangyaan, “Kumusta ka?” Malamang ay makakarinig ka ng kaawa-awang tugon gaya ng: “Hindi lumilipas ang oras. Maglaro tayo ng backgammon. O kaya maghanap tayo ng mga pampalipas-oras.” O di kaya ay makakarinig ka ng mga reklamong nagmumula sa mga makamundong ambisyon, gaya ng: “Wala ako niyan; kung ginawa ko lamang ito...”

Tanungin ang isang taong tinamaan ng kalamidad o isang maralitang trabahador na nabubuhay sa kahirapan: “Kumusta ka?” Kung siya ay matinong mag-isip, sasagot siya: “Lahat ng pasasalamat ay sa Panginoon, mabuti, nagtatrabaho ako. Kung di lang mabilis gumabi, maaaring matapos ko itong gawain! Kaybilis dumaan ng oras, pati na rin ng buhay, mabilis silang dumaraan. Paniguradong mahirap ang aking sitwasyon, pero ito ay daraan din. Lahat ay mabilis na nagdaraan.” Tila sinasabi niya kung gaano kahalaga ang buhay at kung gaano siya nanghihinayang sa paglisan nito.

Ibig sabihin, naiintindihan niya ang sarap at halaga ng buhay sa pamamagitan ng kahirapan at trabaho. Samantalang ang pagpapahinga at mabuting kalusugan, pinapapait nila ang buhay at ginagawang naisin ang paglisan nito.

O aking kapatid na may sakit! Alamin na ang puno’t dulo ng mga kalamidad at kasamaan, at kahit mga kasalanan, ay ang kawalan, na siyang matibay at detalyadong napatunayan sa ibang parte ng Risale-i Nur. Tungkol naman sa kawalan, ito ay kasamaan at kadiliman. Dahil ang mga walang pagbabagong kalagayan gaya ng kaginhawaan, katahimikan, kapayapaan, at paghihintay ay malapit sa hindi pag-iral at kawalan, naipaparamdam nila ang kadiliman ng kawalan at nagsasanhi ng pagkabalisa. Samantalang ang pagkilos at pagbabago, sila ay pag-iral at pinapaparamdam nila ang pag-iral. At ang pag-iral ay purong kabutihan, at liwanag.

Dahil ito ang realidad, ang iyong sakit ay ipinadala sa iyong katauhan bilang isang panauhin na magsasagawa ng maraming tungkulin gaya ng pagpapadalisay ng iyong mahalagang buhay, at pagpapalakas dito at pagpapa-unlad, at para patulungin ang iyong ibang kakayahan sa iyong may sakit na bahagi ng katawan, at para ipakita ang iba’t ibang Pangalan ng *Sanee-i Hakeem* (Pinakamarunong na Tagapaglikha). *Inshaallah* (kung pahihintulutan ng Allah), mabilis nitong isasagawa ang kanyang mga tungkulin at lilisan. At kanyang sasabihin sa mabuting kalusugan: “Halika’t tuluyang manatili sa aking lugar, at isagawa ang iyong mga tungkulin. Sa iyo ang bahay na ito. Manatili dito sa mabuting kalusugan.”

Ika-dalawampung Lunas

O maysakit na naghahanap ng lunas para sa kanyang mga karamdaman! Ang sakit ay may dalawang klase. Ang isang klase ay tunay, ang isa nama’y kathang-isip. Para sa tunay na klase, ang *Shafee-i Hakeem-i Zuljalal* (Pinakamarunong At Maluwalhating Tagapagpagaling) ay nag-imbak ng lunas para sa bawat sakit sa Kanyang malawak na botika ng mundo. Kinakailangan ng bawat lunas ang mga

sakit. Lumikha Siya ng lunas para sa bawat sakit. Pinapahintulutan ang kumuha ng mga gamot at gamitin sila bilang lunas. Ngunit dapat batid na ang kanilang epekto at ang lunas ay mula sa *Janab-i Haqq* (Makapangyarihang Allah). Ibinibigay Niya ang lunas gaya ng pagbibigay ng gamot.

Ang pagsunod sa mga rekomendasyon ng mga manggagamot na mahusay at may takot sa Diyos ay isang mahalagang gamot. Sapagkat ang karamihan sa mga sakit ay nagmumula sa pag-abuso, kakulangan sa pagpipigil, pag-aaksaya, pagkakamali, pagkakaligaw, at kakulangan ng pakialam. Ang isang relihiyosong manggagamot ay tiyak na magbibigay ng payo at utos na legal. Ipagbabawal niya ang mga pag-abuso at mga sobra, at magbibigay ng pampalubag-loob. Tiwala ang maysakit sa kanyang mga utos at pampalubag-loob, at nababawasan ang kanyang sakit; nagdudulot ito ng kaginhawaan sa kanya kapalit ng pagkabalisa.

Ngunit pagdating sa sakit na kathang-isip, ang pinakamahusay na gamot para rito ay ang hindi pagbibigay ng halaga rito. Lalo itong bigyan ng halaga, lalo itong lumalaki at lumolobo. Kung walang halagang ibinibigay dito, ito ay lumiliit at umaalis. Lalong guluhin ang mga bubuyog, lalo silang nagkukuyog palibot sa ulo ng tao, at kung sila ay hindi binibigyang pansin, sila ay nagsisialis. Gayon din, kung bibigyan ng halaga ang isang sinulid na wumawagayway sa harap ng mga mata ng isang tao sa kadiliman at ang takot na idinudulot nito, lalo itong lumalaki at napapatakbo nito ang tao na parang sira-ulo. Samantalang kung ito ay hindi bibigyang pansin, makikita na ito ay isang payak na tali lamang at hindi ahas, at matatawa sa pagkatakot at balisa.

Kung ang hipokondria ay magpapatuloy sa mahabang panahon, ito ay nagiging realidad. Ito ay masamang sakit para sa mga nerbyoso at mga madaling magkaguni-guni; ginagawang bundok ng mga ganitong tao ang isang nunal at ang kanilang moral ay nawawasak. Lalo na kung ang ma-engkwentro nila ay di-mabait na 'kalahating' manggagamot o mga madayang manggagamot, lalong lumalala ang kanilang hipokondria. Para sa mga mayaman, nawawala ang kanilang yaman, o ang kanilang huwiso, o ang kanilang kalusugan.

Ika-dalawampu't isang Lunas

O aking kapatid na may sakit! May pisikal na sakit sa iyong karamdaman, pero may makabuluhang espirituwal na kaligayahan na papalibot sa iyo na magtatanggal ng epekto ng pisikal na sakit. Dahil kung ikaw ay may ama, ina, at mga kamag-anak, ang kanilang pinakamasarap na habag na iyo nang nakalimutan ay muling magigising at muli mong makikita ang kanilang maaamong tingin na iyong tinanggap noong iyong kabataan. Dagdag pa rito, ang mga

pagkakaibigang nakapalibot sa iyo na nanatiling sikreto at tago ay muling titingin sa iyo nang may pagmamahal sa pamamagitan ng atraksyon ng sakit, kung kaya't sa harap ng lahat ng ito, nagiging napakamura ng iyong pisikal na sakit.

Dagdag din, dahil ang mga taong iyong taas-noong pinaglingkuran ay ngayo'y mabait na pinaglilingkuran ka sa pamamagitan ng iyong itinadhanang sakit, ikaw ay naging amo ng iyong mga amo. Higit pa rito, dahil naibaling mo sa iyong sarili ang pakikiisa at kabaitan ng mga tao, nakatagpo ka ng maraming matutulunging kaibigan at mababait na kasama. At muli, ikaw ay nakatanggap ng utos sa iyong sakit na magpahinga mula sa maraming nakakapagod na tungkulin, at ikaw ay nagpapahinga.

Panigurado, sa harap nitong mga espirituwal na kaligayahan, dapat madala ka ng iyong maliit na sakit sa pagpapasalamat, hindi pagrereklamo.

Ika-dalawampu't dalawang Lunas

O aking kapatid na nagdurusa sa malubhang sakit gaya ng apopleksya! Una sa lahat ay ibinibigay ko sa iyo ang magandang balita na ang apopleksya ay itinuturing na pinagpala para sa mga nananampalataya. Dati ko itong naririnig noon mula sa mga banal na tao at hindi ko alam ang dahilan. Ngayon, isang misteryo ang sumagi sa aking isipan:

Para makamit ang (makasama ng) *Janab-i Haqq* (Makapangyarihang Allah), maligtas sa mga matinding espirituwal na panganib sa mundong ito, at para makuha ang walang hanggang kaligayahan, pinili ng mga tao na naniniwala sa Allah na sundin ang dalawang prinsipyo:

Ang Una: ay ang pagmumuni-muni tungkol sa kamatayan. Sa pag-iisip na gaya ng pagiging panandalian ng mundo, sila rin ay mga panandalang panauhin na inatasan ng mga tungkulin, sila ay nagtrabaho para sa buhay na walang hanggan sa ganoong paraan.

Ang Ikalawa: Sa pamamagitan ng mga relihiyosong pag-eensayo at asetismo, pinilit nilang patayin ang kaluluwang nag-uutos sa kasamaan para maligtas mula sa mga panganib nito at mula sa mga bulag na emosyon.

At kayo, aking mga kapatid na nawala ang kalusugan ng kalahati ng katawan! Hindi mo man pinipili, ikaw ay binigyan ng nasabing dalawang prinsipyo, na maikli at madali at sanhi ng saya. Samakatuwid, lagi kang binabalaan ng iyong kalagayan ng likas na pagiging panandalian ng mundo at ang tao ay panandalian lamang. Hindi ka na malulunod ng

mundo, at hindi na rin maisasara ng pagwawalang-bahala ang iyong mga mata. At panigurado, hindi na malilinlang ng kaluluwang nag-uutos sa kasamaan ng mga makamundong pagnanasa ang isang taong na nasa kondisyon ng kalahating pangangatawan; siya ay mabilis na naliligtas sa mga kalamidad ng kanyang kaluluwa.

Samakatuwid, sa pamamagitan ng misteryo ng pananampalataya sa Allah at pagpapakasakop sa Kanya at pagtitiwala sa Kanya, maaaring makinabang sa maikling panahon ang nananampalataya mula sa isang malubhang sakit gaya ng apopleksya, gaya ng mga matinding pagsubok sa mga santo. At ang malubhang sakit gaya noon ay nagiging napakamura.

Ika-dalawampu't tatlong Lunas

O malungkot na maysakit na nag-iisa at isang estranghero! Kahit na magpukaw ng simpatya mula sa pinakamatitigas na puso at makakuha ng sulyap ng awa ang iyong pagiging mag-isa at pagkakatapon kasama ng iyong sakit, maaari ba itong pamalit para sa iyong *Khaliq-i Raheem* (Pinakamahabaging Tagapaglikha)? Dahil ipinapakita Niya ang Kanyang Sarili sa atin sa simula ng lahat ng kabanata ng Qur'an nang may mga katangiang “ang Pinakamaawain at Pinakamahabagin”, at sa isang kisap ng Kanyang habag ay nagagawang ang lahat ng ina ay magkalinga sa kanilang supling nang may kahanga-hangang pag-aaruga, at sa isang pagpapakita ng Kanyang habag ay pinupuno ng bawat bukal ang ibabaw ng buong mundo ng mga biyaya, at ang isa lamang pagpapakita ng Kanyang habag ay buhay na walang hanggan sa Paraiso kasama ang lahat ng mga kababalaghan nito, paniguradong ang iyong relasyon sa Kanya sa pamamagitan ng pananampalataya, ang iyong pagkilala sa Kanya at pagsusumamo sa Kanya sa pamamagitan ng dila ng kawalan ng kakayahan ng iyong sakit, at ang iyong sakit ng pagkalumbay sa pagkakatapon, ay makakakuha ng sulyap ng Kanyang habag para sa iyo, na siyang papalit sa lahat.

Dahil Siya ay umiiral at tumitingin sa iyo, ang lahat ng iba pa ay umiiral para sa iyo. Ang mga totoong nag-iisa at napatapon ay yaong mga hindi konektado sa Kanya sa pamamagitan ng pananampalataya at pagpapasakop, o hindi nagbibigay ng halaga sa koneksyon na iyon.

Ika-dalawampu't apat na Lunas

O kayo na nag-aalaga sa mga inosenteng batang maysakit o sa mga matatanda na parang mga inosenteng bata! Ang nasa harap ninyo ay isang importanteng pangangalakal para sa kabilang buhay. Anihin ang kalakal na iyon sa pamamagitan ng pagsisigasig at pagkilos!

Napatunayan ng mga tao ng realidad na ang mga sakit ng mga inosenteng bata ay parang pag-eehersisyo at pagsasanay para sa kanilang maselan na mga katawan, at mga ineksyon at pagsasanay ng Allah para makayanan nila sa hinaharap ang mga pagbabago ng mundo; na dagdag pa sa maraming pagmumungkahi ng karunungan ukol sa buhay ng bata sa mundong ito, sa halip na kabayaran para sa mga kasalanan sa mga matatanda na nakatutok sa espirituwal na buhay at siyang paraan para mapadalisan ang buhay, ang mga sakit ay parang mga ineksyon na nagsisiguro sa espirituwal na pag-unlad ng bata sa hinaharap o sa kabilang buhay; at ang mga kabutihang naipon mula sa mga sakit na iyon ay naipapasa sa libro ng mabubuting gawain ng mga magulang, at lalong-lalo na ng ina na sa pamamagitan ng misteryo ng awa ay mas pinipili ang kalusugan ng kanyang anak kaysa sa kanyang sariling kalusugan.

Ukol naman sa pag-aalaga sa matatanda, napatunayan na sa matitibay na salaysay at maraming makasaysayang pangyayari na kasama ng pagtanggap ng malaking banal na pabor, ang makatanggap ng mga panalangin ng matatanda at lalo na ng mga magulang, at ang pasayahin ang kanilang puso at paglingkuran sila nang tapat, ay ang paraan para sa kaligayahan sa mundong ito at sa kabilang buhay. At napatunayan na ng maraming pangyayari na ang masuwerteng anak na sumusunod nang buong-buo sa kanyang mga matatandang magulang ay ituturing sa parehong paraan ng kanyang mga anak, at kung sasaktan ng isang tampalasang anak ang kanyang mga magulang, siya ay mapaparusahan sa pamamagitan ng maraming trahedya sa mundong ito bukod pa sa kabilang buhay.

Oo, ipinag-uutos ng Islam ang alagaan hindi lamang ang mga matatanda, mga inosente at mga kamag-anak, kungdi pati na rin yaong mga nananampalataya—dahil sa misteryo ng pananampalataya ay may totoong kapatiran—kung makasama sila, at ang paglingkuran sa abot ng makakaya ang kagalang-galang na matatandang maysakit kung sila ay nangangailangan.

Ika-dalawampu't limang Lunas

O aking mga kapatid na may sakit! Kung gusto ninyo ng talagang kapaki-pakinabang at gamot para sa bawat sakit at tunay na kalugod-lugod na banal na lunas, pagyamanin ang inyong pananampalataya! Iyon ay, sa pamamagitan ng pagsisisi at paghingi ng kapatawaran, at araw-araw na limang beses na pagdarasal at pagsamba, gamitin ang pananampalataya, yaong banal na lunas—at ang gamot na nagmumula sa pananampalataya

Oo, dahil sa pagmamahal sa mundong ito at pagkakahumaling dito,

ang mga napariwara ay nagmamay-ari ng isang espirituwal na katawan na kasinglaki ng mundo at may sakit. Napatunayan namin sa maraming bahagi ng Risale-i Nur na dagling pinapagaling ng pananampalataya ang espirituwal na katawan na kasinglaki ng mundo na pasa-pasa at bugbog mula sa mga suntok ng kamatayan at paghihiwalay, at inililigtas ito mula sa mga sugat, at tunay na pinapagaling ito. Pinuputol ko na dito ang usapan para hindi na sumakit ang inyong ulo.

Ukol naman sa gamot ng pananampalataya, ipinapakita nito ang kanyang epekto sa pamamagitan ng pagsasagawa mo ng iyong mga obligasyon sa relihiyon hangga't sa abot ng makakaya. Pinipigilan ang pagiging epektibo ng lunas na ito ng pagwawalang-bahala, bisyo, mga pagnanasa ng kaluluwa, at mga ipinagbabawal na pampalipas-oras. Dahil inaalis ng sakit ang pagwawalang-bahala, pinuputol ang mga kahayukan, at sagabal sa mga ipinagbabawal na kaligayahan, lubusin na ito. Gamitin ang mga sagradong gamot at liwanag ng tunay na pananampalataya sa pamamagitan ng pagsisisi at paghingi ng kapatawaran, at pagdarasal at panalangin.

Nawa'y ibalik ka ng Makapangyarihang Allah sa kalusugan at gawin ang iyong sakit na kabayaran sa mga kasalanan. Amen. Amen. Amen.

وَقَالُوا الْحَمْدُ لِلَّهِ الَّذِي هَدَيْنَا لِهَذَا وَمَا كُنَّا لِنَهْتَدِيَ لَوْلَا أَنْ هَدَيْنَا
اللَّهُ لَقَدْ جَاءَتْ رُسُلُ رَبِّنَا بِالْحَقِّ

*At sila'y magsasabi: Ang lahat ng mga papuri ay kay Allah na namatnubay sa atin dito, kailanman ay hindi tayo makakatagpo ng patnubay kung hindi lamang tayo pinatnubayan ni Allah! Tunay nga, ang mga tagapagbalita ng ating Panginoon ay dumatal na may Katotohanan.*¹⁶

سُبْحَانَكَ لَا عِلْمَ لَنَا إِلَّا مَا عَلَّمْتَنَا إِنَّكَ أَنْتَ الْعَلِيمُ الْحَكِيمُ

*Luwalhatiin Kayo! Kami ay walang karunungan maliban sa itinuro Ninyo sa amin; sa katotohanan Kayo lamang ang may Ganap na Kaalaman at Karunungan.*¹⁷

اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى سَيِّدِنَا مُحَمَّدٍ طِبِّ الْقُلُوبِ وَدَوَائِهَا وَعَافِيَةِ
الْأَبْدَانِ وَشِفَائِهَا وَنُورِ الْأَبْصَارِ وَضِيَائِهَا وَ عَلَى آلِهِ وَ
صَحْبِهِ وَ سَلِّمْ

O Allah! Bigyan Niyo po ng pagpapala ang aming pinunong si Muhammad, ang gamot para sa aming mga puso at kanilang lunas, ang mabuting kalusugan ng aming mga katawan at ang kanilang paggaling, ang liwanag ng aming mga mata at ang kanilang kinang, at ang kanyang

pamilya at mga kasama, at bigyan sila ng kapayapaan.

Ang Ikalabimpitong Liham

(Ang Karagdagan sa Ikadalawampu't Limang Kislap)

Isang Liham ng Pakikiramay sa Pagkamatay ng Isang Paslit

بِسْمِهِ

At sa Ngalan Niya

وَإِنْ مِنْ شَيْءٍ إِلَّا يُسَبِّحُ بِحَمْدِهِ

At walang bagay na hindi pumupuri sa Kanya.
(Qur'an, 17:44)

Kagalang-galang Kong Kapatid sa Kabilang Buhay, Hafiz Halid Efendi!

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

Sa Ngalan ng Allah, Ang Pinakamaawain, Ang Pinakamahabagin.

وَبَشِّرِ الصَّابِرِينَ الَّذِينَ إِذَا أَصَابَتْهُمُ مُصِيبَةٌ قَالُوا إِنَّا لِلَّهِ وَإِنَّا
إِلَيْهِ رَاغِبُونَ

At magbigay ng magandang balita sa mga matiisin, Sila na nagsasabi kung sila ay nakakaranas ng kapinsalaan: “Kami ay nagmula kay Allah at sa Kanya ang aming pagbabalik.”¹⁸

Aking kapatid, ang pagpanaw ng iyong anak ay nakalungkot sa akin. Ngunit, الْحُكْمُ لِلَّهِ “ang hatol ay kay Allah” (Qur'an, 40:12), ang pagtanggap sa Banal na Utos at pagsunod sa Banal na Tadhana ay tatak ng Islam. Nawa'y bigyan ka ng Pinakamakapangyarihang Allah ng magandang pagtitiis. At nawa'y gawin Niya ang pumanaw na isang tagasuporta at tagapamagitan para sa iyo sa kabilang buhay. Aking ipapaliwanag ang Limang Punto na tunay na magandang balita at nag-aalay ng pampalubag-loob sa iyo, at sa mga may takot sa Allah na tulad mo:

Unang Punto

Ang kahulugan ng parirala na **مُخْلَدُونَ وَلَدَانٌ** “walang kamatayang kabataan”¹⁹ sa Pinakamarunong na Qur'an ay ito: sa parirala na ito, ipinapakita at ipinapahayag ng bersikulong ito ang magandang balita na ang mga anak ng mga nananampalataya na namamatay bago sila dumating sa wastong gulang ay laging mananatiling walang-hanggang kaibig-ibig na mga bata sa anyong karapat-dapat sa Paraiso; na sila ay magiging walang kamatayang daan para sa kaligayahan sa yakap ng kanilang mga ama't ina na pupunta sa Paraiso; na sila ay magiging daan para masiguro para sa kanilang mga magulang ang makatanggap ng pinakamatamis na kaluguran gaya ng magmahal at magkalinga ng mga anak; na ang lahat ng kalugod-lugod na bagay ay makikita sa Paraiso; na hindi tama ang pahayag ng iba na dahil ang Paraiso ay hindi lugar para magparami, wala ring pagmamahal at pagkalinga sa mga anak; at na ang pagkamit ng milyon-milyong taon ng dalisay at walang sakit na pagmamahal at pagkalinga sa mga anak na walang hanggan kapalit ng maikling panahon tulad ng sampung taon ng pagmamahal sa mga anak na may halong pagdurusang dito sa mundo ay isang napakalaking pinagmumulan ng kaligayahan para sa mga nananampalataya.

Ikalawang Punto

Minsan, nasa bilangguan ang isang lalaki. Ang isa sa kanyang kaibig-ibig na anak ay ipinadala sa kanya. Ang malungkot na bilanggo ay naghirap sa sarili niyang pagdurusang, at dahil hindi niya magawang maginhawaan ang kanyang anak, siya ay nagdalamhati rin sa paghihirap nito. Tapos ang mahabaging pinuno ay nagpadala ng sugo sa kanya na may mensaheng nagsasabi: “Bagama't ang batang ito ay sa iyo, siya ay aking nasasakop at isa sa mga tauhan ko. Kukunin ko siya at aalagaan siya sa isang magandang palasyo.” Humagulhol sa dalamhati ang lalaki. “Hindi ko ibibigay sa iyo ang aking anak na siyang aking kaginhawaan.” Sinabi ng mga kaibigan niya sa kanya: “Walang kabuluhan ang iyong pagdadalamhati. Kung ang bata ang iyong kinaaawaan, siya ay pupunta sa maluwag at masayang palasyo kapalit nitong marumi, mabaho at kabali-balisang piitan. Kung ikaw ay nagdadalamhati para sa iyong sarili at hinahangad ang iyong sariling kasiyahan, kung mananatili rito ang iyong anak, ikaw ay magdurusang sa matinding pagkabalisa at sakit sa kahirapan ng iyong anak dagdag sa iyong nag-iisang mapanlinlang at panandaliang kapakinabangan. Kung siya ay pupunta doon, ito'y may libo-libong pakinabang para sa iyo, dahil ito ay magiging sanhi ng pagkuha ng awa ng hari at magiging tagapamagitan para sa iyo. Gugustuhin ng hari na makatagpo mo siya. Siguradong hindi niya ipapadala ang iyong anak sa bilangguan para makita mo siya; palalayain ka niya mula sa bilangguan, ipapatawag sa palasyo, at pahihintulatang makatagpo ang iyong anak doon. Sa kondisyon na ikaw ay may tiwala sa

hari at siya ay iyong sinusunod...”

Mahal kong kapatid, gaya nitong paghahalintulad, kailangang mag-isip ka nang ganito, tulad ng ibang nananampalataya kapag namatay ang kanilang mga anak: inosente itong bata, at ang kanyang Tagapaglikha ay Pinakamahabagin at Pinakamapagbigay. Dinala Niya ito sa Kanyang pinaka-perpektong grasya at awa kapalit ng aking kapos na pagpapalaki at habag. Pinalaya Niya siya mula sa kalunos-lunos, mapinsala, mahirap na bilangguan ng mundong ito at ipinadala siya sa mga hardin ng Paraiso. Kay saya para sa bata! Kung siya ay nanatili dito sa mundo, sino’ng makakapagsabi kung ano’ng klaseng pagkatao ang makukuha niya. Kaya’t hindi ko siya kinaaawaan, alam kong siya ay mapalad. Ang natitira na lamang na maitatanong ay mga pakinabang para sa aking sarili, at hindi ko kinaaawaan ang aking sarili para dito, at hindi ako nagluluksa at magiging malungkutin. Dahil kung siya ay nanatili dito sa mundo, makukuha niya ang sampung taon ng panandaliang pagmamahal ng isang anak kahalo ng mga pasakit. Kung siya ay naging mabuti at kung siya ay naging marunong sa mga bagay-bagay dito sa mundo, maaaring nakatulong siya sa akin. Ngunit sa kanyang pagkamatay, para siyang naging tagapamagitan na siyang daan sa sampung milyong taon ng pagmamahal ng isang anak sa walang hanggang Paraiso at sa walang kamatayang kaligayahan. Tiyak na tiyak, siya na nawalan ng mapanlinlang, agarang pakinabang at nagkamit ng sanlibong sigurado at ipinagpalibang mga pakinabang ay hindi nagpapakita ng pagdadalamhati at kalungkutan, hindi siya humahagulhol sa kawalan ng pag-asa.

Ikatlong Punto

Ang batang namatay ay isang nilalang, pag-aari, tagapaglingkod, at kasama ng kanyang buong katawan, ay isang kagagawan ng Pinakamahabaging Tagapaglikha, at dahil pagmamay-ari Niya, ay kaibigan ng kanyang mga magulang, na pansamantalang inilagay sa kanilang pamamahala. Ginawa ng Tagapaglikha ang ama’t ina na tagapaglingkod ng bata. Kapalit ng kanilang paglilingkod, ibinigay Niya sa kanila ang isang kalugod-lugod na kahabagan bilang agarang kabayaran. Ngayon, kung bilang atas ng awa at karunungan, kunin ang bata ng Pinakamahabaging Tagapaglikha, na nagmamay-ari ng siyam na raan at siyamnapu’t siyam sa isanlibong bahagi ng bata, mula sa iyo at tapusin ang iyong paglilingkod, ang umiyak dahil sa pagluluksa at kawalan ng pag-asa sa paraang nagpapahiwatig ng pagrereklamo dahil sa’yong isang bahagi sa harap ng tunay na nagmamay-ari ng sanlibong bahagi, ay hindi nababagay sa isang nananampalataya; nababagay ito sa mga tao ng pagwawalang-bahala at pagkaligaw ng landas.

Ikaapat na Punto

Kung ang mundo ay naging walang hanggan, at ang tao ay nanatili dito nang walang hanggan, at ang pagkakahiwalay ay naging walang hanggan; magkakaroon ng kahulugan ang napakabigat na dalamhati at kawalan ng pag-asa. Ngunit ang mundong ito ay bahay-panauhin lamang, saan man napunta ang namatay na bata, ikaw, at kami rin, ay pupunta doon. Higit pa rito, ang kamatayang ito ay hindi kanya lamang, ito ay isang pangkalahatang daan. At, dahil ang paghihiwalay ay hindi magpakailanman, sa hinaharap, sa parehong panggitnang kaharian at sa kabilang buhay, siya ay makakatagpo. Dapat sabihin, الْحُكْمُ لِلَّهِ “Ang hatol ay kay Allah.” Ibinigay Niya at kinuha Niya. Dapat sabihin, كُلَّ حَالٍ الْحَمْدُ لِلَّهِ عَلَى “Ang lahat ng pagpupuri ay sa Allah para sa lahat ng sitwasyon,” at maghandog ng pasasalamat nang may pagtitiis.

Ikalimang Punto

Ang habag, ang isa sa pinakapino, maganda, katanggap-tanggap, at matamis na pagpapahayag ng Banal na awa, ay isang maliwanag na salamangkang gamot. Mas tiyak pa ito kaysa sa magiliw na pag-ibig; ito ay mabilis na nagiging daan para makatagpo ang Makapangyarihang Allah. Ang matalinghagang pag-ibig at ang makamundong pag-ibig ay nagiging tunay na pag-ibig nang may maraming paghihirap, at nahahanap ang makapangyarihang Allah, pero ang habag ay nagkakabit sa puso sa Kanya sa mas maikli, mas dalisay na paraan—at walang paghihirap. Ang ama’t ina ay parehong nagmamahal sa kanilang anak nang higit pa sa mundo. Kapag kinuha ang kanilang anak sa kanila, kung sila ay masuwerte at kung sila ay tunay na nananampalataya, ipinapaling nito ang kanilang mga mukha mula sa mundong ito at nahahanap nila ang Tunay na Tagapagbigay ng Biyaya. Sinasabi nito: “Dahil ang mundo ay panandalian, hindi ito karapat-dapat na kagiliwan ng puso.” Saan man nagpunta ang bata, nagkakaroon ng pagkagiliw ang tao sa lugar na iyon, at nagkakamit siya ng mataas na espirituwal na ranggo.

Ang mga tao ng kapabayaan at pagkaligaw ng landas ay pinagkaitan ng saya at magandang balita nitong Limang Punto. Makikita mo sa sumusunod kung gaano kalala ang kanilang sitwasyon: nakikita ng isang matandang babae ang kanyang pinakamamahal na kaisa-isang anak sa bingit ng kamatayan at dahil sa kanyang pag-iisip na walang hanggan ang mundo at bilang resulta ng kanyang pagwawalang-bahala at pagkaligaw ng landas, inaakala niyang ang kamatayan ay kawalan at walang hanggang pagkakahiwalay. Naiisip niya na siya’y nasa lupa ng kanyang hukay kapalit ng kanyang malambot na kama, at dahil ng kanyang pagwawalang-bahala o pagkaligaw ng landas, hindi niya naiisip ang Paraiso ng awa at langit ng biyaya ng Pinakamahabagin sa Mahabagin; makikita mo sa pamamagitan ng paghahalintulad ang kawala-walang pag-asa na kalungkutan at pagluluksa na kanyang

dinurusa.

Samantalang sinasabi ng pananampalataya at Islam sa nananampalataya: Kukunin ng Pinakamahabaging Tagapaglikha ng bata ang anak mo na nasa bingit ng kamatayan mula sa mababang mundo at dadalhin sa Paraiso. Gagawin siyang tagapamagitan para sa iyo, at walang hanggang anak. Ang paghihiwalay ay panandalian, huwag kang mag-alala.

Sabihin, **اَلْحُكْمُ لِلّٰهِ * اِنَّا لِلّٰهِ وَاِنَّا اِلَيْهِ رَاٰجِعُوْنَ** “Ang hatol ay kay Allah. Kami ay nagmula kay Allah at sa Kanya ang aming pagbabalik”, at dalhin ito nang may pagtitiis.

اَلْبَاقِي هُوَ الْبَاقِي

Ang Nag-iisang Walang Hanggan, Siya ang Nag-iisang Walang Hanggan!
Said Nursi

Isang Liham ni Said

بِسْمِ اللّٰهِ الرَّحْمٰنِ الرَّحِيْمِ

Sa Ngalan ng Allah, Ang Pinakamaawain, Ang Pinakamahabagin.

[Isang liham na isinulat para sa isang manggagamot na nakaramdam ng matinding paghahangad sa mga kasulatan na Risale-i Nur at namulat sa pamamagitan ng pag-aaral sa kanila]

Pagbati, o mapalad na manggagamot na natukoy ang kanyang sariling karamdaman! Aking tunay at mahal na kaibigan!

Ang espirituwal na pagkamulat na ipinakita sa iyong masidhing sulat ay karapat-dapat ng pagbati. Dapat mong malaman na ang pinakamahalaga sa mga nilikha ay buhay. At ang pinakamahalaga sa mga tungkulin ay ang paglilingkod sa buhay. At ang pinakamahalagang paglilingkod sa buhay ay ang pagpupursiging magawang buhay na walang hanggan ang panandaliang buhay. Samantala, ang lahat ng halaga at kabuluhan nitong buhay ay nakasalalay sa kanyang pagiging punla, simula at bukal ng buhay na walang hanggan. Ang tumuon lamang sa panandaliang buhay sa paraan na makakalason at makakasira ng buhay na walang hanggan ay isang kahibangang tulad ng pagpili sa panandaliang kislap ng kidlat kaysa sa araw na walang hanggan.

Sa punto ng katotohanan, ang higit na may sakit sa lahat ng tao ay ang mga manggagamot na mapagwalang-bahala at nakatuon lamang sa materyalismo. Kung iniinom sana nila ang gamot ng panananampalataya na parang lunas, mula sa sagradong botika ng Qur'an, magagamot nila ang kanilang mga sariling sakit at ang mga sugat ng sangkatauhan kung pahihintulutan ng Allah. Ang iyong pagkagising ay magpapahilom ng iyong mga sugat at gagawin ka ring gamot para sa mga sakit ng ibang manggagamot. Dapat mo ring malaman na ang pagpapagaan ng kalooban ng isang nagdadalamhati at walang pag-asang maysakit ay minsan mas makakatulong pa kaysa sa sanlibong gamot. Ngunit ang manggagamot na nakalubog sa bana ng kalikasan ay nagdaragdag lamang ng isa pang sapin ng kadiliman sa kalugmok-lugmok na kawalan ng pag-asa ng di-mapalad na maysakit. Kung pahihintulutan ng Allah, gagawin ka ng pagkagising mong ito na isang manggagamot na daan para sa pagpapagaan ng kalooban at tagapagpalaganap ng liwanag sa mga nalulungkot.

Alam mo na ang buhay ay maikli at ang trabaho na dapat gawin ay napakarami. Sigurado ako na kung susuriin mo ang iyong ulo, makikita mo kung gaano karami ang di-kailangan, walang silbi, walang halagang mga bagay, walang buhay gaya ng napakaraming kahoy na nakasalansan, sa iyong kaalaman. Dahil aking sinuri ang aking ulo at marami akong nakitang di-kailangang mga bagay. Kung kaya't kailangang humanap ng paraan na gawin yaong mga siyentipikong impormasyon at kaalaman at pilosopiya na kapaki-pakinabang, kaliwanagan at espirituwal. Dapat mo ring hingin sa Makapangyarihang Allah ang pagkamulat para magawa mong tumutok ang iyong isip sa Pinakamarunong at Pinakamaluwalhating Allah; para iyong masindiha yaong mga kahoy at paliwanagin sila. Ang iyong siyentipikong kaalaman ay magiging mahalagang kaalaman tungkol sa Allah.

Aking matalinong kaibigan! Matinding ninanais ng puso na mula sa mga dalubhasa ng siyensya ay magkaroon ng mga magsusulong ng liwanag ng pananampalataya at misteryo ng Qur'an gaya ni Hulusi Bey. Higit pa rito, dahil Ang Mga Salita ay nakakausap ang iyong konsensiya, ituring ang bawat isa sa kanilang mga salita bilang reseta mula sa sagradong botika ng Qur'an at bilang isang liham para sa iyo hindi mula sa akin bilang sarili ko, kungdi mula sa akin na tagapagpahayag ng Qur'an. Sa aking pagkawala, buksan ang harapang pag-uusap gamit Ang Mga Salita. At sumulat sa akin kahit kailan mo gusto. Huwag masaktan kung ako'y hindi makasagot dahil minsan lamang ako sumusulat ng liham kahit noon pa. Kahit sa nakaraang tatlong taon, isang liham lang ang aking naisulat bilang tugon sa napakaraming liham ng aking kapatid.

Endnotes

1. Ang kasulatan na ito ay isinulat nang apat at kalahating oras. Nakapirma, Rüshtü, Re'fet, Husrev, Said.
2. Qur'an, 2:156
3. Qur'an, 26:79-80
4. al-Albani, Sahihu Jami'i's-Saghir 256
5. Bukhari, Marda 1; Muwatta', Ayn 7; Musnad ii, 237
- Nota Dahil ang Kislap na ito ay dumating sa natural na paraan, dalawang lunas ang idinagdag sa Ikaanim na Lunas. Kaya't iniwan namin nang ganito upang hindi masira ang pagiging natural; hindi namin ito binago sa pag-iisip na maaaring may misteryong nakapaloob dito.
6. Bukhari, Marda 1, 2, 13, 16; Muslim, Birr 45; Darimi, Rikak 57; Musnad i, 371, 441; ii, 303, 335; iii, 4, 18, 38, 48, 61, 81.
7. Bukhari, Jihad 134; Musnad iv, 410, 418.
8. Qur'an, 25:77
9. al-Munawi, Fayzu'l-Qadir i, 519 no:1056; al-Hakim, al-Mustadrak iii, 343; Bukhari, Marda 3; Tirmidhi, Zuhd 57; Ibn Maja, Fitn 23; Darimi, Rikak 67; Musnad i, 172, 174, 180, 185; vi, 369.
10. Maaaring makamit ang pagka-martir na ito sa pamamagitan ng pagkakaratay matapos manganak hanggang apatnapung araw.
11. Qur'an, 96:6-7.
12. al-Munawi, Fayzu'l-Qadir ii, 45 no: 1285.
13. Ibn Maja, Jana'iz 1; Daylami, Musnadu'l-Firdaws i, 280.
14. Oo, habang may mga sakit na siyang sanhi ng pagkakaroon ng panalangin, kung ang panalangin ang sanhi ng pagkawala ng sakit, ang panalangin ang magiging sanhi ng sarili niyang pagkawala, at ito ay hindi maaari.
15. Qur'an, 2:156.
16. Qur'an, 7:43.
17. Qur'an, 2:32.
18. Qur'an, 2:155-156.
19. Qur'an, 56:17; 76:19.